## WEEKLY LEARNING PLAN

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>3</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">8</td><td>Learning Area</td><td>FILIPINO</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata.</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr>
<td>1</td>
<td>Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata.</td>
<td>Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas</td>
<td>
SUBUKIN<br><br>
I. Sagutin mo ang sumusunod.<br>
1. Burahin mo ang letrang x at kopyahin sa patlang ang nabuong salita.<br>
<table><tr><td>x</td><td>p</td><td>a</td><td>x</td><td>x</td><td>n</td><td>x</td><td>d</td><td>e</td><td>x</td><td>m</td><td>x</td><td>y</td><td>x</td><td>a</td></tr></table>
_______________- ito ay isang epidemyang sakit na nakahahawa at kumakalat sa isang lugar, mga karatig lugar, buong bansa at sa buong mundo. Halimbawa: Coronavirus Disease 2019<br><br>
2. Si Pedro ay nagmamano sa kaniyang mga magulang. Siya ay isang batang ____________. Anong katangian ang ipinapakita ni Pedro? Ang pagiging ____________.<br>
a. mapitagan b. kapatagan c. masayahin<br><br>
3. Ang tagapagsalita ni Pangulong Rodrigo Duterte ay si <u>Attorney</u> Harry Roque. Ano ang daglat ng salitang may salungguhit?<br>
a. Att. b. Atty. c. Atny.<br>
4. Si Heneral Gregorio del Pilar ay isang magiting na bayaning Pilipino. Alin ang tamang daglat ng salitang Heneral?<br>
a. Hene. b. Henl. c. Hen.<br><br>
5. Hanapin mo sa puzzle ang mga salitang hiram sa tulong ng mga kahulugan sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel o kuwaderno.<br>
<table><tr><td>• nilalaro sa internet<br>• manggagamot<br>• tagaplano ng gusali, bahay at kalsada</td><td>• kalye o daan<br>• tagapagpatupad ng batas<br>• gamit pantawag o pan-text</td></tr></table>
<table>
<tr><td>c</td><td>e</td><td>l</td><td>l</td><td>p</td><td>h</td><td>o</td><td>n</td><td>e</td><td>t</td><td>t</td><td>x</td><td>s</td></tr>
<tr><td>t</td><td>d</td><td>v</td><td>i</td><td>d</td><td>e</td><td>o</td><td>g</td><td>a</td><td>m</td><td>e</td><td>j</td><td>t</td></tr>
<tr><td>r</td><td>o</td><td>g</td><td>p</td><td>n</td><td>e</td><td>n</td><td>g</td><td>i</td><td>n</td><td>e</td><td>e</td><td>r</td></tr>
<tr><td>e</td><td>c</td><td>c</td><td>k</td><td>e</td><td>q</td><td>q</td><td>q</td><td>h</td><td>n</td><td>c</td><td>k</td><td>e</td></tr>
<tr><td>t</td><td>t</td><td>r</td><td>r</td><td>c</td><td>q</td><td>f</td><td>h</td><td>h</td><td>m</td><td>c</td><td>q</td><td>e</td></tr>
<tr><td>p</td><td>o</td><td>l</td><td>i</td><td>c</td><td>e</td><td>x</td><td>q</td><td>j</td><td>w</td><td>f</td><td>c</td><td>t</td></tr>
<tr><td>p</td><td>r</td><td>l</td><td>l</td><td>c</td><td>c</td><td>f</td><td>f</td><td>f</td><td>j</td><td>j</td><td>q</td><td>q</td></tr>
</table>
<br>
BALIKAN<br><br>
Isulat nang wasto ang mga salitang nasa Hanay A sa Hanay B.<br>
<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>martes</td><td></td></tr>
<tr><td>juan cruz</td><td></td></tr>
<tr><td>disyembre</td><td></td></tr>
<tr><td>diego zamora</td><td></td></tr>
<tr><td>durian avenue</td><td></td></tr>
</table>
<br>
TUKLASIN<br><br>
Sa Panahon ng Pandemya<br>
ni: Aisa Ali<br><br>
Tumigil ang pag-ikot ng mundo ng mga tao sa pagdating ng pandemyang Coronavirus Disease (COVID-19). Isa na rito si Mang Kardo na isang Overseas Filipino Worker (OFW). Masaya siyang umuwi sa Pilipinas upang makapiling ang kaniyang pamilya.<br>
Pagdating sa bansa ay matapat niyang sinagot ang Health Declaration Card ng Bureau of Quarantine (BOQ). Sinuri siya gamit ang thermal scanner at nakitang may lagnat siya. Dinala siya sa isang ospital upang i-quarantine at upang mamonitor ang kaniyang kalagayan.
</td>
<td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 3.<br><br>
Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>
Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>
(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>

Hindi na muna siya pinauwi sa kanilang bahay. Pagkalipas ng tatlong linggo ay nakauwi na rin si Mang Kardo. Masaya siya nang makita ang kaniyang pamilya.

"Salamat po sa Panginoon, hindi ako nahawaan ng sakit". Mangiyak-ngiyak na sabi ni Mang Kardo.

I. Sagutin ang mga tanong tungkol sa teksto.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ____________________
2. Sino ang pangunahing tauhan? ____________________
3. Ano ang pandemyang kumakalat sa kuwento?

II. Basahin mo ang mga pangungusap. Bilugan ang salitang hiram.

1. Bumili ng toothpaste si Jana sa tindahan.
2. Nagluto ng spaghetti si Ate Donna.
3. Ako ay naglalakad sa Flores Street.
4. Masayang naglalaro ang mga bata ng video game.
5. May libreng gupit ang Carl's Barbeshop.

III. Pagtambalin mo ang mga salitang may salungguhit sa Hanay A sa dinaglat na mga salita na nasa Hanay B. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. <u>Ginang</u> Tan | ________ | Mt. |
| 2. <u>Binibining</u> Cruz | ________ | G. |
| 3. <u>Ginoong</u> Paul | ________ | Bb. |
| 4. <u>Mount</u> Mayon | ________ | St. |
| 5. Roxas <u>Street</u> | ________ | Gng. |

**Suriin**

I. Pag-aralan pa nang mabuti ang gamit ng malaki at maliit na letra na natutuhan sa aralin.

| Gamit ng Maliit na Letra | Gamit ng Malaking Letra: |
|---|---|
| hindi tiyak na ngalan ng:<br>• araw, hayop, lugar, tao, pangyayari, bagay, buwan, aklat, kuwento/awitin/tula | tiyak na ngalan ng:<br>• araw, hayop, lugar, tao, pangyayari, bagay (**brand name** o tatak), buwan, pamagat ng aklat, pamagat ng kuwento/awitin/tula |

| Maliit na Letra sa Hindi Tiyak na Ngalan | Malaking Letra sa Tiyak na Ngalan |
|---|---|
| araw | Sabado |
| bansa | Pilipinas |
| bayani | Jose Rizal |
| pangulo | Pang. Rodrigo R. Duterte |
| pandemya | Coronavirus Disease 2019 |
| buwan | Enero |
| aso | German's Shepherd |
| bolpen | Panda |
| aklat | Mga Pambansang Produkto |
| kuwento | Sa Panahon ng Pandemya |


A. <u>Salitang hiram</u> ang tawag sa mga salitang nagmumula sa ibang bansa o salitang banyaga gaya ng Ingles na ginagamit natin tulad ng **helmet**, **cellphone**, **dice**, **resort**, at **internet.**

B. <u>Salitang dinaglat</u> ang tawag sa mga salitang pinaikli. Ito ay nagsisimula sa malaking letra kapag idinudugtong sa tiyak na ngalan at nagtatapos sa tuldok. Ito ay maaaring hiram na salita o salitang Filipino.

| **Mga Salitang Hiram** | **Dinaglat na Salita** | **Halimbawa** |
|---|---|---|
| mount | Mt. | Mt. Taal |
| street | St. | Rizal St. |
| engineer | Engr. | Engr. Rona Cruz |
| **Mga Salitang Filipino** | **Dinaglat na Salita** | **Halimbawa** |
| konsehal | Kon. | Kon. Helen Tan |
| binibini | Bb. | Bb. Liza Santos |
| ginoo | G. | G. Andy Lim |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2 | Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng | Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas | **PAGYAMANIN** | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>mga salitang natutuhan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata.</td>
<td></td>
<td>I. Piliin mo ang hinihinging uri ng ngalan sa bawat bilang. Bilugan ang tamang sagot.<br>
<u>(tiyak na ngalan)</u> 1. lungsod Davao rehiyon<br>
<u>(di- tiyak na ngalan)</u> 2. tao Reyes Amerika<br>
<u>(tiyak na ngalan)</u> 3. guro bata Dindo<br>
<u>(tiyak na ngalan)</u> 4. Pilipinas mapa bansa<br>
<u>(di- tiyak na ngalan)</u> 5. lugar Sulu Mindanao<br>
<br>
II. Isulat mo sa sagutang papel ang <u>SH</u> kung Salitang Hiram at <u>H</u> kung Hindi.<br>
________ 1. lungsod<br>
________ 2. photocopier<br>
________ 3. Claire's Beauty Salon<br>
________ 4. bundok<br>
________ 5. Aisa's Beach Resort<br>
________<br>
<br>
III. Kopyahin ang gawaing ito sa sagutang papel o kuwaderno. Ikonek mo ang mga salita sa Hanay A sa daglat nito sa Hanay B.<br>
Hanay A — Hanay B<br>
1. Binibini • — • Okt.<br>
2. Ginang • — • Sr.<br>
3. Senior • — • Prop.<br>
4. Propesor • — • Bb.<br>
5. Oktubre • — • gng.<br>
<br>
Isaisip<br>
<br>
Tandaan mo, ang gamit ng _______________ na letra ay para sa hindi tiyak na ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari. Ang malaking letra naman ay ginagamit sa tiyak na ngalan ng _______________, _______________, _______________, _______________ at _______________.<br>
<br>
Ang _____________________ ay nagmumula sa wika ng ibang bansa na ginagamit natin sa pakikipag-usap tulad ng engineer, street, at school.<br>
<br>
Sa pagdadaglat ng salita, ito ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa tuldok tulad ng Engr. Alvin Cruz, Rizal St., at Mangga Elem. Sch.<br>
<br>
ISAGAWA<br>
<br>
I. Iwasto ang pagkakasulat ng mga salita gamit ang malaki o maliit na letra. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.<br>
1. Watawat<br>
2. luzon<br>
3. filipino<br>
4. Palengke<br>
5. melchora aquino<br>
<br>
II. Isulat sa papel o kuwaderno ang mga salitang hiram.<br>
Ink ulam jeep dahon East Avenue<br>
internet kahon bulaklak toothpaste<br>
<br>
III. Tukuyin ang tamang daglat ng salita. Piliin sa loob ng kahon ang sagot.</td>
<td>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br>
<br>
File created by DepEdClick</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | St. Sen. Hen. Pang. Dr.<br>1. Doktor De Veyra =________________<br>2. Pangulong Duterte =________________<br>3. Senador Go =________________<br>4. Heneral Dominggo =________________<br>5. Durian Street =________________<br><br>**TAYAHIN**<br><br>Sagutin mo ang sumusunod. Kopyahin sa papel ang letra ng tamang sagot.<br><br>1. Si _________ay mabait na guro. Paano isusulat ang ngalan ng tao?<br>a. Bb. Santos b. BB. Santos c. bb. Santos<br>2. Nakatira si Ben sa ________. Alin ang tamang pagkasulat sa ngalan ng lugar?<br>a. Davao City b. Davao city c. DAVAO city<br>3. Ano ang tamang daglat ng salitang Mount Pinatubo?<br>a. mt. Pinatubo b. Mt. Pinatubo c. mt. PinatubO<br>4. Kung ang buong pangalan ng doktor ay Dr. Dino C. Cruz, paano naman isusulat ang buong pangalan ng abogado?<br>a. Atty. Vic C. cruz b. atty. Vic C. cruz c. Atty. Vic C. Cruz<br>5. Basahin ang pangungusap at hanapin ang mali ang pagkasulat.<br>martes ang ikalawang araw ng linggo. a. ang b. araw c. martes | |
| 3 | Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan<br>- ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3. 1;<br>- ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3. 1). | Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan Iyon, Nito, Niyan, Niyon | **Subukin**<br><br>Suriin ang mga larawang nasa ibaba. Isulat sa patlang ang tamang panghalip upang mabuo ang pangungusap.<br><br> | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

**Balikan**

Basahin mo ang mga pangungusap at tukuyin ang mga panghalip na pamatlig ang ginamit at isulat ito sa loob ng puno na nasa ibaba.

1. Akin ang itim na backpack. Iyan ang dadalhin ko sa biyahe.
2. Gusto kong pitasin ang mga manggang iyon sa puno.
3. Ang perang ito na hawak mo ay akin.
4. Paki abot mo nga iyang aklat sa tabi mo.
5. Nakasampay sa labas ang tuwalya. Kunin mo iyon dahil umuulan na.




**Tuklasin**

Basahin mo ang usapan ng magkakaibigan habang sila ay nasa loob ng mall.






Mercy: Halika Jeneth at Ruthel, aakyat tayo sa ikalawang palapag dahil bibili ako ng damit.
Jeneth: Para saan ba ang damit na bago? Ano ba ang meron?
Ruthel: Oo nga Mercy, ano ba ang okasyon?
Mercy: Kaarawan ng mama ko bukas. Balak kong regaluhan siya ng damit.

Habang sila ay nasa RTW seksyon...

Ruthel: Ito, Mercy baka gusto mo para sa mama mo?
Jeneth: Hindi iyan bagay sa mama mo Mercy, kasi mukhang maiksi. Mas bagay iyon na suot ng mannequin na nasa dulo.
Mercy: Oo nga, mas gusto ko iyon, tara puntahan natin.
At saka sinabing,
Mercy: Ito ang bibilhin ko, bagay na bagay kay Mama.
At umuwi ang magkaibigan na bitbit ang bagong damit para sa mama ni Mercy.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa papel.
1. Sino ang magkakaibigan?
a. Mercy, Ruthel at Jeneth
b. Mercy, Rachel at Jeneth
c. Mercy, Ruthel at Janeth
2. Bakit sila nasa mall?
a. Bibili ng damit para sa mama ni Mercy.
b. Bibili ng damit para sa mama ni Ruthel.
c. Bibili ng damit para sa mama ni Jeneth.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. Bakit sumama sila Jeneth at Ruthel kay Mercy sa mall?<br>a. Dahil gusto nilang pumunta sa mall<br>b. Dahil gusto nilang sila ang pipili ng damit para sa mama niya<br>c. Dahil kaibigan nila si Mercy at gusto nila itong samahan<br>4. Anong salita ang ginamit ni Jeneth nang ituro ang damit na nasa malayo.<br>a. Ito b.Iyan c. Iyon<br>5. Kung ikaw si Mercy, isasama mo rin ba ang iyong kaibigan kung bibili ka ng regalo?<br>a. Hindi po, dahil ayaw ko ng may kasama.<br>b. Hindi po, dahil kaya ko naman pumili ng regalo.<br>c. Opo, dahil hindi ko alam ang bumili ng damit.<br>d. Opo, dahil mas marami ang pipili, mas maganda ang magiging regalo. | |
| 4 | Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan<br>- ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3.1;<br>- ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3.1). | Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito,<br>Iyan Iyon, Nito, Niyan, Niyon | **SURIIN**<br><br>Panghalip na Ito, Iyan at Iyon.<br><br>Ito<br>Ginagamit ang panghalip na ito kung hawak ng nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.<br><br>Halimbawa:<br>Maganda ang <u>bola.</u><br>Ito ang paborito kong laruan.<br><br>Iyan<br>Ginagamit ang panghalip na iyan kung katabi o malapit sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.<br><br>Halimbawa:<br>Maganda ang <u>bola.</u><br>Iyan ang paborito kong laruan.<br><br>Iyon<br>Ginagamit ang panghalip na iyon kung malayo sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.<br><br>Halimbawa:<br>Maganda ang <u>bola.</u><br>Iyon ang paborito kong laruan.<br><br>**Pagyamanin**<br><br>Suriing mabuti ang mga larawan at isulat sa patlang ang ito, iyan o iyon. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br>1. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.<br><br>2. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.<br><br>3. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.<br><br>4. Ang ganda ng bulaklak. _______ ang bibilhin ko.<br><br>5. Ang ganda ng bulaklak. _______ ang bibilhin ko. | |
| 5 | Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan<br>- ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3.1;<br>- ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3.1). | Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan Iyon, Nito, Niyan, Niyon | **Isagawa**<br><br>Basahin ang mga pahayag na nasa ibaba. Gawin ang isinasaad ng mga ito sa patlang.<br><br>1. Kung hawak-hawak mo ngayon ang isang bagay na paborito mo, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na ito?<br>____________________<br>2. Kung nasa tabi mo lang ang pinakapaborito mong prutas, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?<br>____________________<br>3. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong hayop, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?<br>____________________<br>4. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong laruan, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?<br>____________________<br>5. Kung katabi mo lang ang pinakapaborito mong bagay, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?<br>____________________<br><br>**TAYAHIN**<br><br>Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Paano kaya ilalarawan ng mga bata ang mga bagay na binanggit sa bawat pahayag? Bilugan ang letra ng tamang sagot.<br>1. Hawak- hawak ni Ben ang robot. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?<br>a. Ito ang paborito kong laruan.<br>b. Iyan ang paborito kong laruan.<br>c. Iyon ang paborito kong laruan.<br>2. Nasa tabi ni Len ang isang bayabas. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?<br>a. Ito ang pinakamasarap na prutas. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina _____. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | b. Iyan ang pinakamasarap na prutas.<br>c. Iyon ang pinakamasarap na prutas.<br>3. Malayo ang kinatitirikan ng puno ng niyog sa magkaibigang Danny at Ted. Paano babanggitin ni Danny ang puno ng niyog kay Ted?<br>a. Ito ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>b. Iyon ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>c. Iyan ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>4. Hawak-hawak ni Erick ang binili niyang relo. Paano niya ito babanggitin sa kausap niyang si Joel?<br>a. Ito ang regalo ko para sa iyo.<br>b. Iyon ang regalo ko para sa iyo.<br>c. Iyan ang regalo ko para sa iyo.<br>5. Itinuturo ni Fatima ang ibong agila na malayo sa kaniya. Paano niya ito babanggitin kay Zenny?<br>a. Iyon ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.<br>b. Ito ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.<br>c. Iyan ang pinakamalaking ibon sa ating lugar. | |


**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 3 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 8 | | Learning Area | AP |
| MELCs | Nakabubuo ng interprestayon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa. | | | |
| Day | Objectives | Topic/s | Classroom-Based Activities | Home-Based Activities |
| 1 | Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napapahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon. | Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon Gamit ang Mapa | **SUBUKIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Si Mang Tinoy ay nakatira sa malawak na lupain ng Brgy. Masipag, ang kanyang hanapbuhay ay ______?<br>A. pagsasaka<br>B. pagmimina<br>C. pangingisda<br>D. pangangaso<br>2. Anong lalawigan sa rehiyon sa Davao ang may pinakamaraming minahan at deposito ng ginto?<br>A. Davao de Oro<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Oriental<br>D. Davao del Norte<br>3. Anong lalawigan sa rehiyon ang nangunguna sa pangingisda dahil sa malawak at malaking baybayin nito?<br>A. Davao de Oro<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Oriental<br>D. Davao del Norte<br>4. Ano ang kabuoang katangiang pisikal ng Davao de Oro?<br>A. kabukiran<br>B. katubigan<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>5. Anong mga lalawigan ang dinarayo ng maraming turista dahil sa natatanging dalampasigan?<br>A. Davao del Sur at Davao de Oro<br>B. Davao de Oro at Davao del Norte<br>C. Davao del Norte at Davao de Oro<br>D. Davao Oriental at Davao Occidental<br><br><br>**BALIKAN** | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 3.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Bakit sa kapatagan nararapat ang pagtatanim ng palay at mais?<br>A. malapit sa sinag ng araw<br>B. madaanan ng mga sasakyan<br>C. malayo sa mga mababagsik na hayop<br>D. malaking deposito ng mineral mula sa kabundukan<br>2. Bakit mataas ang bilang ng mga magsasaka sa lalawigan ng Davao del Sur?<br>A. malawak ang karagatan nito<br>B. maraming malawak na lupain<br>C. marami ang mapapasukang trabaho<br>D. maraming pagkain ang pwedeng bilhin dito<br>3. Bakit marami ang mangingisda sa lalawigan ng Davao Oriental?<br>A. May mga bangka na silang magagamit.<br>B. Napapalibutan ng karagatan ang rehiyon.<br>C. Marami ang may gustong maging mangingisda.<br>D. Mas gusto nila ang mangisda kaysa magsaka.<br>4. Paano mo mapaunlad ang mga lupain ng iyong lalawigan?<br>A. mag-aral nang mabuti<br>B. magtanim ng mga puno<br>C. gumawa ng compost pit<br>D. palawakin ang bakawan<br>5. Ano ang kabutihang naidulot ng paggamit ng wastong lambat sa pangingisda?<br>A. makahuli ng maraming isda<br>B. mapangalagaan ang tubig sa dagat<br>C. maiwan sa dagat ang mga maliliit na isda<br>D. makakuha ng maraming halamang dagat | |
| 2 | Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng | Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon | **TUKLASIN**<br><br>Ang topograpiya ay tumutukoy sa kabuoang pisikal na katangian ng isang lalawigan. Inilalarawan nito ang porma, ayos, daloy at hugis ng anyong lupa o anyong tubig na makikita sa isang lalawigan. Sa pag-aaral na ito, madaling malaman ang mga panganib | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napahahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon. | Gamit ang Mapa | na lugar at mapaghahandaan ng mga tao ang posibleng maidudulot nitong sakuna.<br><br>**SURIIN**<br><br>Ang pagkilala sa sariling lalawigan at rehiyon ay nagpapamalas ng pagpapahalaga sa lalawigang kinabibilangan. Mahalagang malaman ang ating kapaligiran sa ating lalawigan dahil dito tayo nakatira at nabubuhay. Sa tulong ng mapa malalaman natin ang ating kapaligiran na sagana sa mga likas na yaman gaya ng mga magagandang lugar, mga anyong pisikal na nagpapakilala sa ating lalawigan at mga karatig-lalawigan sa rehiyon. Sa pamamagitan nito, lubos na maipakikilala ang mga ito sa ibang tao sa iba't ibang lugar.<br><br><br><br>Ang Davao Region ay biniyayaan ng magandang lokasyon. Ito ay matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng Mindanao. May malalawak itong kabundukan, burol, kapatagan, lambak, mga ilog, talon, lawa at baybay-dagat. Pinalilibutan ito ng mga rehiyon ng Caraga, Hilagang Mindanao at SOCCSKSARGEN, Dagat Pilipinas (Philippine Sea) sa silangan at Dagat Mindanao sa timog.<br>Ang Davao Region ay binubuo ng limang lalawigan at anim na lungsod. Ito ang mga lalawigan ng Davao de Oro, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Occidental at Davao Oriental at ang mga lungsod gaya ng Davao, Digos, Mati, Panabo, Samal, at Tagum. | File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Karamihan sa mga lalawigan ay may bahaging bulubundukin at kapatagan. Sa kabuoan, ang mga tao ay naninirahan sa mga lugar na kapatagan, kung kaya't ito ang dahilan ng pagkakaroon ng bayan o lalawigan.<br><br>Ang Davao Region ay may malawak na lupain at pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan. Nangunguna rin ang Davao Region sa mga produkto tulad ng palay, prutas at iba pang produkto, dahil dito tinawag na food basket ng bansa ang Davao Region.<br>Matatagpuan din sa rehiyon ang maraming minahan. May malaking deposito ng ginto ang bulubundukin ng Davao de Oro. Ang mahabang baybayin naman ng Davao Oriental ay sagana naman sa mga isda at iba pang yamang tubig kaya ang pangingisda ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao dito.<br>  <br>Bagamat sagana sa likas na yaman ang mga lalawigan o karatig lalawigan ng rehiyon, marami namang pagawaan ang itinatayo kaya karamihan sa mga mamamayan ay hindi lamang pagsasaka ang ikinabubuhay, may mangingisda at manggagawa sa mga opisina o pabrika ang ikinabubuhay ng mga mamamayan. Sa kabuoan, ang rehiyon ay sagana sa mga produktong pang-agraryo. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
Talahanayan ng Kapaligiran ng mga Lalawigan<br>sa Davao Region
<table>
<tr><th>Lalawigan</th><th>Kapaligiran</th><th>Pangunahing Hanapbuhay</th></tr>
<tr><td>Davao de Oro</td><td>malawak na kapatagan na napalilibutan ng bundok, maraming kuweba,talon at baybaying-dagat</td><td>pagsasaka, pagmimina, at pag-aalaga ng hayop</td></tr>
<tr><td>Davao del Norte</td><td>malawak na kapatagan at may bukirin, may mga isla at baybaying-dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop,at pangingisda</td></tr>
<tr><td>Davao del Sur</td><td>malawak na kapatagan, bundok at bukirin, at may baybaying dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, pangingisda, at paggawa</td></tr>
<tr><td>Davao Occidental</td><td>malawak ang baybaying dagat</td><td>pangingisda pagsasaka, at paggawa</td></tr>
<tr><td>Davao Oriental</td><td>malawak na kapatagan na napalilibutan ng bukirin at may mga bahaging baybaying dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, at pangingisda</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napahahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon.</td>
<td>Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon Gamit ang Mapa</td>
<td>PAGYAMANIN<br><br>Kompletuhin ang bawat pangungusap sa ibaba upang ilarawan ang iba’t ibang lalawigan sa sariling rehiyon. Gawing batayan ang mapa at mga pananda nito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.<br><br>Mapa ng Davao Region<br>



<br>1. Ang hanapbuhay na nararapat sa Davao del Sur gamit ang simbolo nito ay _____.<br>A. pagtitinda<br>B. pangingisda<br>C. pangangahoy<br>D. pangangalakal<br>2. Ang ______ay karaniwang hanapbuhay ng mga tao sa lalawigan ng Davao Oriental.<br>A. pagsasaka<br>B. pagmimina<br>C. pangingisda<br>D. pangangaso<br>3. Sagana sa yamang dagat ang mga lugar sa Davao Oriental dahil<br>___________<br>A. katabi ang lalawigan ng Davao de Oro.</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>



<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>B. halos napapalibutan ang lalawigan ng tubig.<br>C. nasa lalawigan ang katangi tanging Aliwagwag Falls.<br>D. bahagi ang lalawigan sa tinatawag na “Perlas ng Silangan.”<br>4. Mas mataas ang bilang ng mga magsasaka sa lalawigan ng Davao del Sur kumpara sa ibang lalawigan dahl _________<br>A. malawak ang karagatan.<br>B. malapad ang lupang nasasakopan.<br>C. marami ang mga pabrika o kompanya.<br>D. marami ang mabibiling mga pagkain dito.<br>E.<br>5. Naaangkop sa lalawigan ng ____ ang pagsasaka dahil sa pinakitang simbolo nito sa mapa.<br>A. Davao del Sur<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>4</td>
<td>Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napahahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang</td>
<td>Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon Gamit ang Mapa</td>
<td>Isaisip<br><br>Ang mga lalawigan sa mga rehiyon ay may natatanging katangiang pisikal. Ang mga katangiang ito ng mga lalawigan at karatig lalawigan ay maraming pagkakapareho at pagkakaiba ayon sa lokasyon at direksyon at kaanyuan nito. Sa pamamagitan ng mapa, ito ay nagsisilbing gabay upang lubusang makilala at mailalarawan ang mga katangian ng bawat lalawigan at mga karatig lalawigan na bumubuo sa rehiyon.<br><br>Isagawa<br><br>Maglista ng dalawang anyong lupa at anyong tubig sa kinabibilangang lalawigan. Ilarawan ang mga katangian nito na dapat pagyamanin at pahalagahan ng bawat tao.
<table>
<tr><th>Anyong Lupa</th><th>Katangiang Pisikal</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon.</td>
<td></td>
<td><table><tr><th>Anyong Tubig</th><th>Katangiang Pisikal</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>5</td>
<td>Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napapahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon.</td>
<td>Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon Gamit ang Mapa</td>
<td>TAYAHIN<br><br>Piliin ang pinakaangkop na paglalarawan ng kapaligiran ng mga lalawigan at rehiyon gamit ang mapa ng rehiyon. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.<br><br><br><br>1. Ano ang kabuoang kapaligiran ng Davao de Oro?<br>A. katubigan<br>B. kabukiran<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>2. Ano ang malaking bahagi ng lalawigan ng Davao Occidental?<br>A. kabukiran<br>B. katubigan<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>3. Batay sa mapa, alin sa mga lalawigang ito ang may maraming magsasaka?<br>A. Davao del Sur<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental<br>4. Ano ang dahilan kung bakit isda ang isa sa mga pangunahing produkto ng Davao Oriental?<br>A. ang malaking bahagi ng lalawigan ay dagat<br>B. ang malaking bahagi ng lalawigan ay bundok</td>
<td>Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____.</td>
</tr>
</table>



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
